REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 93-'55**

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG MALUGOD NA PAGHILING SA PHILIPPINE LONG DISTANCE TELEPHONE COMPANY NA MAPAGKALOOBAN NG SERBISYO NG TELEPONO ANG LAHAT NG BARANGAY HALL SA BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.**

*************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

*************************************************************

**SAPAGKAT,** ang serbisyo ng telepono ay lubhang kailangang-kailangan upang mapagsilbihan ng mahusay at may kabilisan ang mga pangangailangan ng mamamayan;

**SAPAGKAT,** ang mga biglaan at di-maiiwasang pangyayaring magaganap tulad ng malubhang sakuna, sunog at iba pang kahalintulad na mangangailangan ng mabilisang responde at kalunasan, ang serbisyo ng telepono ay kailangan upang maiparating kaagad sa kinauukulan;

**SAPAGKAT,** ang mga karaniwang suliranin na nagaganap sa barangay ay kadalasang idinudulog sa barangay hall bago pa sa bahay-pamahalaan tulad ng pagdadala ng may sakit sa ospital, pag-aaway ng magkapit-bahay, away-barkadahan at iba pa;

**SAPAGKAT,** ang ugnayan at mabilis na komunikasyon sa iba't-ibang tanggapan sa bahay-pamahalaan, istasyon ng pulisya at pamatay-sunog, ospital ay magbubunga ng maayos, maparaan, may kaginhawahan at mabilis na serbisyo sa nasasakupan.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na hilingin sa Philippine Long Distance Telephone Company na napagkalooban ng serbisyo ng Telepono ang lahat ng barangay hall sa Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila bukod sa paglalagay pa rin ng public telephone o pay phone sa bawat barangay halls at pinagpasiyahan pang muli na ang gastusin sa paglalagay ng mga binabanggit na telepono ay kukunin mula sa pondo ng Sangguniang Barangay na kinauukulan.

**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA,** ng lahat ng kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-33rd na regular na pulong na ginanap ngayong ika-29 ng Marso, 1993.

**PINATOTOHANAN:**

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATUTUNAYAN:**

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

**PINAGTIBAY:**

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan